

State of Emergency: 4th Wave

~Para maprotektahan laban sa COVID-19 variants~
(Buod)

Issued: Abril 23, 2021
COVID-19 Infection Countermeasures HQ
Gifu Prefectural Government

I Ang rate ng infected sa variants (mutations) ng coronavirus sa Gifu Prefecture ay '62%'. Dumodoble ito sa isang linggo.

Sa pagtaas ng bilang ng bagong infections sa Gifu Prefecture at increasing rate ng mga infected sa variant strains ng coronavirus, hindi nalalayong matulad tayo sa Kansai na “sumabog ang infections” at nagdudulot ng “problema sa hospital beds”.

II Bata man o matanda, wala nang takas sa banta ng COVID19

<Bata>

Madaming mga reported cases sa loob at labas ng bansa kung saan nakakaramdam parin ng aftereffects pagkatapos maka-recover sa coronavirus tulad ng “panghihina at pagkabalisa”, “problema sa pagtulog”, “problema sa panlasa”, “hair loss”, atbp.

<Matanda>

Ang “mortality rate ng 70y/o and older” dahil sa COVID19 sa Gifu Prefecture ay “13.8%”. Napaka taas at nakakabahala ang data na nito.

III Sa mahabang bakasyon, iwasan ang mataong lugar at isipin ang magiging resulta ng inyong aksyon!!

IV State of Emergency Period

Abril 26 (Lunes) ~ Mayo 11 (Martes) ang enforcement period.

※ Gagawa kaagad ng iba pang measures kung kinakailangan.

4th Wave Emergency Measures (Buod)

Issued: Abril 23, 2021
COVID-19 Infection Countermeasures HQ
Gifu Prefectural Government

Masusing pagpapatupad ng "New Behaviors"

Ugaliin gawin ang basic infection prevention measures (pagsuot ng mask, handwashing, pag-iwas sa 3 C's, pag-check sa sariling pakiramdam)".

Maiiwasan mahawaan sa coronavirus variants kung gagawin ang mga ugaling ito.

(1) Pag-isipan ng mabuti kung importante ang "pagpunta sa ibang prepektura", "paglabas-labas", at "mga kainan/ inuman"

- Kung magi-inuman o kainan, isipin kung magagawa ba sa maikling oras, mag-mask kung mag-uusap, hindi lakasan ang boses, hindi maglasing. Mag-ingat din kahit na mga kapamilya o kaibigan. Iwasan ang madaming tao.
- Iwasan ang "hindi importanteng paglabas- pasok ng prefecture".
- Mapabusiness o personal na rason man, partikular na **iwasan/ ipagpaliban ang hindi importanteng pagpunta sa mga lugar na may 'emergency measures at kung saan kumakalat ang impeksyon** (sa Kansai Region, Kanto Region, Aichi Prefecture, atbp)'.

(2) Sa mahabang bakasyon (tulad ng Golden Week), gumawa ng mga hakbang upang maiwasan ang impeksyon

<Inuman at Kainan/ Karaoke>

- Iwasan ang madaming kainan ng mga mag-kaibigan o magka-pamilya.
- **Iwasan ang in-door at out-door "BBQ"**
- **Bawal ang inuman, atbp ng mga grupo sa gilid ng daan, parke, atbp.**
- **Nakakahawa ang maliliit na talsik ng laway mula sa pagsasalita, atbp. Kaya kung mag-karaoke, pinaggigiit na mag-mask habang kumakanta ('Mask Karaoke').** Kung hindi ito kayang gawin, mangyaring iwasan nalang ito.

- Isang pakiusap na paikliin ang business hours ng mga inuman at kainan alinsunod sa Article 24, Paragraph 9 ng Special Measures Law.

<ul style="list-style-type: none"> • Target Industry: <ol style="list-style-type: none"> ① Food and Drinking Businesses <ul style="list-style-type: none"> • Restawran at bars (kasama dito ang mga <i>izakaya</i>), coffee shop, atbp. ② Entertainment Facilities, atbp. <ul style="list-style-type: none"> • Bar, karaoke box, atbp. na may business permit nalinsunod sa Food Sanitation Law. • Detalye ng Kahilingan: <p>Pagpapaikli ng Business Hours- 5:00 ~ 20:00 (Pag-alok ng alak- 11:00 ~ 19:00)</p> • Target Area: Sa pagsaalang-alang ng outbreak situation ng COVID-19 variants at bagong nahawang mga tao, target ang 9 cities: Gifu, Ogaki, Tajimi, Seki, Minokamo, Toki, Kakamigahara, Kani at Mizuho • Request Period: Abril 26 (Lunes) ~ Mayo 11 (Martes), 16 days • Compliance Fund: Ang makukuha bawat araw ay, <ul style="list-style-type: none"> Bawat branch ng small/ medium businesses: ¥25,000 ~ ¥75,000 Bawat branch ng large businesses: Decrease in daily sales x 0.4 (Up to ¥200,000. Maaari din piliin ang option na ito ng small/ medium businesses) <ul style="list-style-type: none"> ※Babayaran kung ginawa ang pagpapaikli ng business hours sa buong requested period lamang. ※Tatanggapin din ang mga magsisimula ng Abril 27 o 28. Sa ganitong kaso, ang ibibigay na pera ay para sa 15 days o 14 days.

- Hinihiling ang kooperasyon ng ibang industriya sa pagpapaikli ng business hours, atbp.

<ul style="list-style-type: none"> • Target industries at detalye ng kahilingan 	
Target Industries	Detalye ng Kahilingan
Exercise at amusement establishments	<ul style="list-style-type: none"> • Pagpapaikli ng Business Hours- 5:00 ~ 20:00 (Pag-alok ng alak- 11:00~ 19:00) • Maximum bilang ng tao ay 5,000, at/o room accommodation rate requirement ay 50% or less.
Teatro, viewing area, sinehan, opera house	
Meeting room, public hall, exhibit halls	
Museum, art museam, library	
Hotels (limitado sa mga bahagi na ginagamit pang salu-salo)	
Amusement facilities (facilities na walang restaurant business permit alinsunod sa Food Sanitation Law)	<ul style="list-style-type: none"> • Pagpapaikli ng Business Hours- 5:00 ~ 20:00 (Pag-alok ng alak- 11:00~ 19:00)
Higit sa 1,000m ² na sari-sari store (maliban sa mga essential goods)	
Higit sa 1,000m ² na service facilities (maliban sa mga essential services)	
<ul style="list-style-type: none"> • Request Period: Abril 26 (Lunes) ~ Mayo 11 (Martes), 16 days • Target Area: Parehas sa target area ng food at drinking establishments 	

